

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## 100 araw hanggang sa Araw ng Halalan – Handa ka na ba?

BRAMPTON, ON (Hulyo 15, 2022) – Ang Linggo, Hulyo 17 ay naghuhudyat sa 100 araw hanggang ang mga botante ng Brampton ay gagawa ng mahalagang pasya na bumoto sa Municipal and School Board Election sa Lunes, Oktubre 24, 2022.

Madali lamang ang pagboto – narito ang ilan sa nakakatulong na mga paalala para sa mga botante:

- **Alamin kung kwalipikado ka nang bumoto:** Kwalipikado kang bumoto kung ikaw ay isang Canadian citizen, di bababa sa 18 taong gulang sa Araw ng Halalan at nakatira sa Brampton (o ang may-ari o nangungupahan sa lupain sa Brampton o ang asawa ng nasabing may-ari o nangungupahan).
- **Kumpirmahin ang iyong impormasyon sa Talaan ng mga Botante:** Para matignan kung ang iyong impormasyon ay tama at up-to-date, bisitahin ang [voterlookup.ca](http://voterlookup.ca). Ang website na ito ay magiging aktibo hanggang Hulyo 21, 2022. Matapos niyan, magagawa ng mga botante na tingnan ang kanilang impormasyon sa website ng Lungsod umpisa sa Setyembre 1.
- **Alamin ang iyong ward:** Kung hindi ka sigurado kung anong ward ang tinitirhan mo, [Tingnan dito](#).
- **Bumoto saanman sa iyong ward: Sa Oktubre 24,** pwede kang bumoto saanmang lokasyon ng pagboto sa iyong ward. Ang impormasyon ng lokasyon ng pagboto ay makikita sa website ng Lungsod sa Setyembre.
- **Mga Petsa ng Maagang Pagboto:** Kung hindi mo magawa sa Oktubre 24, pag-isipan ang pagboto sa alinman sa mga araw ng Maagang Pagboto sa Oktubre 7, 8, 9, 14 o 15. Ang impormasyon sa Maagang Pagboto ay makikita sa website ng Lungsod sa Setyembre. Ang Maagang Pagboto ay isa ring mabuting opsyon para sa mga miyembro ng komunidad na maaaring abala sa pagdiriwang sa Diwali at Bandi Chhor Divas, na matataon sa kaparehong araw tulad ng Araw ng Pagboto sa taon na ito.
- **Pagboto ng Proxy:** Kung ikaw ay isang kwalipikadong botante ng Brampton na hindi makakaboto sa Araw ng Pagboto o sa alinmang mga petsa ng Maagang Pagboto, maaari kang magtalaga ng ibang kwalipikadong botante ng Brampton na bumoto para sa iyo. Ang sinumang tao na ang pangalan ay nasa Talaan ng mga Botante o idinagdag sa Talaan ng mga Botante ay maaaring bumoto bilang proxy. Ang mas maraming impormasyon tungkol sa pagboto ng proxy ay malapit nang makikita sa website ng Lungsod.
- **Serbisyo sa Pagboto sa Pamamahay:** Ang mga kwalipikadong botante na nasa balay lamang dahil sa pagkakasakit, pinsala o kapansanan ay maaaring mag-aplay para bumoto gamit ang serbisyo ng Pagboto sa Bahay sa Oktubre 11, 12 at 13. Mayroong available na limitadong mga appointment sa mga nakakatugon sa mga hinihingi para maging kwalipikado. Ang mas maraming impormasyon tungkol sa serbisyo at proseso ng appointment ay malapit nang makikita sa website ng Lungsod.
- **Dalhin ang iyong ID:** Ang mga botante ay kailangang magdala ng isang piraso ng identipikasyon na nagpapakita ng kanilang pangalan at qualifying na address sa Brampton sa kanilang pagboto. Tingnan ang talaan ng [katanggap-tanggap na mga dokumento para sa identipikasyon](#) bago bumoto.

**Karagdagang mga paalala:**

- **Magtrabaho sa Halalan:** Mag-aplay ngayon para maging isang manggagawa sa Halalan ng Munisipyo at tumulong sa mga gawaing administratibo at ng customer service sa araw ng Pagboto. Higit sa 2,000 posisyon ang available. Mas pinipili ang mga residente ng Brampton na 18 taong gulang o higit pa. Ito ay isang magandang pagkakataon para magkamit ng mga bagong skill, makilala ang staff ng Lungsod at kumonekta sa inyong komunidad.
- **Araw ng Nominasyon:** Ang potensyal na mga kandidato ay maaaring mag-file ng kanilang mga papel ng nominasyon hanggang Biyernes, Agosto 19, sa 2 pm. Ang impormasyon tungkol sa pagiging kwalipikado ng kandidato at sa proseso ng nominasyon ay makikita [rito](#).
- **Pagpapatalastas ng Third Party:** Ang potensyal na mga third party na advertiser ay maaaring mag-file ng rehistrasyon para maglathala sa Brampton hanggang Oktubre 21. Ang impormasyon tungkol sa third party advertising, mga hinihingi sa pagiging kwalipikado at ang proseso ng rehistrasyon ay makikita [rito](#).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa 2022 Municipal and School Board Election, bisitahin ang [www.brampton.ca/bramptonvotes](http://www.brampton.ca/bramptonvotes).

**Quote**

“Ang mga serbisyo ng munisipyo, tulad ng mga daan, parke, recreation at transit ay bahagi ng araw-araw na buhay ng mga residente. Ang pagboto sa Municipal and School Board Election ay mahalagang paraan para hubugin ang inyong lungsod, at ang mga araw ng Maagang Pagboto, pagboto sa pamamahay at ang kakayahang bumoto saanmang lokasyon sa inyong ward, ay kumbinyente rin para sa lahat. Sa higit sa 100 araw na lamang hanggang sa Municipal and School Board Election, tiyakin na may plano kang bumoto!”

- Peter Fay, City Clerk and Returning Officer, Lungsod ng Brampton

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton  
[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)